- Lumaking naglalaro sa mga puno ng saging sa likuran ng bahay nila kasama ang kanyang apat na nakababatang mga kapatid na lalaki.
- Mahilig mag-swimming at magbasa ng mga aklat sa kanyang mga apo.
- Mahilig magbasa ng Aklat ni Mormon at mga kuwento tungkol kay Jesus.



- Mahilig sa roller-skating, hopscotch, kickball, at pakikipaglaro sa mga kapitbahay noong bata pa siya.
- Tinawag na Primary music director habang nakatira sa New Zealand noong tinedyer pa siya.
- Nag-aral sa kolehiyo para maging guro sa elementarya.




- Ibinuklod sa kanyang mga magulang noong siya ay limang taong gulang, matapos mabinyagan ang kanyang ina at magsimbang muli ang kanyang ama.
- Kumanta sa mga koro at naging captain ng isang drill team na tinatawag na Bonnie Lassies.
- Nagturo sa seminary at gustung-gusto ang mga klase sa relihiyon. Nakilala ang kanyang asawa sa institute.




- Mahilig mangabayo noong bata pa siya, at sumakay sa lokal na parada ng rodeo.
- Nabinyagan noong siya ay 22 taong gulang.
- Ang una niyang trabaho ay sa isang library. Kalaunan, nakahiligan niyang magbasa ng mga bedtime story sa kanyang 11 anak.




- Noong bata pa siya, mahilig magbasa sa ilalim ng mga puno ng apricot at umakyat ng puno kasama ang dalawang kuya niya.
- Naging art editor ng high school magazine at nag-aral ng literature at graphic design sa kolehiyo.
- Nanirahan sa walong iba't ibang estado ng U.S. at dalawang beses sa Sweden!




- Mahilig magbasa noon sa attic ng kamalig kapag wala siyang ginagawa o maglaro sa halamanan at bukirin.
- Nagbakasyon sa France isang tag-init noong tinedyer siya.
- Sa kolehiyo, naging student teacher sa isang high school English class.



- Natutong huwag makipagsapalaran nang dumikit ang kanyang dila sa malamig na bakal.
- Nag-aral ng pagsasayaw sa kolehiyo.
- Bilang isang ina, para siyang narses, guro, baker, at hardinera, at may sarili siyang tool bag sa pagkukumpuni!



- Kung minsan ay nakikipagpalit sa kanyang kakambal para biruin ang mga tao!
- Nagturo sa ikatlong baitang nang makatapos ng kolehiyo.
- Mahilig mag-aral tungkol sa geography at ngayo'y bumibisita sa ilang bansang pinangarap niyang bisitahin.



- Pinatay niya noon ang isang sunog at iniligtas ang kanyang kapatid na lalaki sa pagkatupok sa kanilang sakahan sa Wyoming, USA.
- Mahilig magbasa at maglaro ng sports, lalo na ng basketball.
- Nagturo sa eskuwela sa loob ng dalawang taon nang makatapos ng kolehiyo.

